



# Ang Kuwalhatianang Nagpapalakas ng Loob

**T**ayo ay nasa Ikalawang Linggo ng Banal na Panahon ng Kuwaresma. Ang paksa ng mga pagbasa ay ang pagbabagong-anyo ng Panginoong Hesus. Ito ay naganap bago ang kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus. Mahalagang pagnilayan ang kaluwalhatian ni Hesus sa kanyang pagbabagong-anyo bago dumating ang Mahal na Araw. Kailangang sina Simon Pedro, Santiago, at Juan, na siyang tatlong alagad na makamamalas ng kanyang pagtangis at paghihirap sa Bundok ng mga Olibo, ay masaksihan muna ang kanyang kaluwalhatian. Nais palakas in ni Hesus ang kanilang mga loob sa kanyang pagbabagong-anyo upang hindi sila lubusang mawala kapag nakita na nila siyang hinuhuli at ipinapako sa krus.



## PASIMULA

**Pambungad**  
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Ako ay iyong tinawag upang mukha mo'y mamalas. Ang mukha mo ay marilag, nag-aangkin ng liwanag; ipakita mo't ihayang.**

### Pagbati

**P**–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesus Kristong maluwalhatian nagbabagong-anyo, ang pag-ibig ng Diyos Amang puno ng karunungan, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagpapalakas ay sumainyong lahat!  
**B**– At sumaiyo rin!

### Pagsisi

**P**–Madalas tayong manghina ang loob at mawalan ng tiwala sa Diyos sa harap ng mga hirap ng buhay. Pagsisihan natin ang ating

kakulangan ng pananalig sa Poong Maykapal. (Manahimik sandali.)

**P**–Para sa aming madaling pagsuko sa mga pagsubok sa buhay, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa aming kawalan ng tiwala sa iyong dakilang kaluwalhatian, Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa aming takot sa hirap na dala ng pagsunod sa iyong mga yapak, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

### Panalangin Pambungad

**P** –Ama naming makapangyari-

han, iniutos mong pakinggan namin ang minamahal mong Anak na iyong kinalulugdan. Kami nawa'y makapakinabang sa iyong Salita upang sa pagdalisay nito sa aming kalooban kami ay lumigaya sa pagkakita sa iyong liwanag sa pamamagitan ni Hesus-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B**– Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** Gen 15:5-12.17-18  
Ang pagdaan ng maningas na sulo sa pagitan ng mga bintyak na hayop ay ang paglagda ng Diyos sa Kanyang Banal na Tipan kay Abraham at sa kanyang mga supling. Ang buong katuparan ng Tipang ito ay mamamalas lamang kay Hesuskristo.

**L**–Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na iyon, inilabas ng Diyos si Abram at sinabi sa kanya: “Masdan mo ang mga bituin! Mabibilang mo ba iyan? Ganyan karami ang magiging anak mo at apo.” Nanalig si Abram, at dahil dito’y kinalugdan siya ng Panginoon.

Sinabi pa ng Panginoon kay Abram, “Ako ang kumuha sa iyo sa Ur ng Caldea upang ibigay sa iyo ang lupaing ito.” Itinanong naman ni Abram, “Panginoon, aking Diyos, paano ko malalamang ito’y magiging akin?” Sinabi sa kanya, “Dalhan mo ako ng isang baka, isang kambing, at isang tupa, bawat isa’y tatlong taon ang gulang. Magdala ka rin ng isang kalapati at isang batu-bato.” Dinala nga ni Abram ang lahat ng iyon at biniyak ang bawat isa maliban sa mga ibon. Inihanay niyang magkakatatap ang pinaghating hayop. Bumaba ang mga buwitre upang kanin ito, ngunit itinaboy sila ni Abram. Nang kumikiling na ang araw, nakatulog nang mahimbing si Abram, at nagkaroon ng isang nakatatapot na pangitain.

Pagkalubog ng araw at laganap na ang dilim, biglang may lumitaw na palayok na umuusok, at maningas na sulo na dumaan sa pagitan ng pinatay na mga hayop. At nang araw na yaon, nakipagtipan ang Panginoon kay Abram, wika niya: “Nangangako ako na ibigay sa lahi mo ang lupaing ito, mula sa hanggahan ng Egipto hanggang sa Ilog-Eufrates.”

Ang Salita ng Diyos!

**B** – Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** *Awit 26*

**B** – Panginoon’y aking tanglaw, siya’y aking kaligtasan!

*R. M. Velez*

Pa--ngino--o'y a-king tang-law,  
siya'y aking ka-lig-ta---san!

\* Tanglaw ko’y ang Poon, aking kaligtasan, kaya walang takot ako kaninuman; sa mga panganib kanyang iingatan, kaya naman ako’y walang agam-agam. **B.**

\* O Diyos, ako’y dinggin sa aking pagtawag, lingapin mo ako, sa aki’y mahabag. Ang paanyaya mo’y “Lumapit sa akin.” Huwag kang magkukubli’t kita’y hahanapin! **B.**

\* H’wag kang magagalit, huwag mong itatakwil akong katulong mo at iyong alipin; tagapagligtas ko, h’wag akong lisanin! **B.**

\* Ako’y nananalig na bago matatay masasaksihan ko ang ‘yong kabutihan na igagawad mo sa mga hinirang. Sa Panginoong Diyos tayo’y magtiwala! Ating patatagin ang paniniwala; tayo ay umasa sa kanyang kalinga! **B.**

**Ikalawang Pagbasa** *Fil 3:17-4:1*

Ang ating pakikibahagi sa kaluwalhatian ng ating Panginoong Hesukristo ay mangyayari lamang kapag atin nang nasundan ang halimbawa ng kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus. Dapat tayong maging matatag sa harap ng mga pagsubok ng buhay-Kristiyano.

**L** – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Magkaisa kayong tumulad sa halimbawang ipinakita ko sa inyo. Kami ang gawin ninyong huwaran. Masdan ninyo ang lahat ng sumusunod sa mga halimbawang ito. Tulad ng malimit kong sabihin sa inyo – at ngayo’y luhaang inuulit ko – marami ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Kristo. Kapahamakan ang kahihinatnan nila sapagkat ang dinidiyos nila ay ang hilig ng kanilang katawan. Ikinararantal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya at ang pinag-uukulan lang nila ng pansin ay ang mga bagay na panlupa.

Sa kabilang dako, ang langit ang tunay nating bayan. Mula roo’y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Hesukristo, ang ating Tagapagligtas. Pagdating ng araw na yaon, babaguhin niya ang ating katawang-lupa at gagawing maluwalhati, tulad ng kanyang katawan, sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay.

Kaya nga, minamahal kong mga kapatid – aking kagalakan at karangalan na lagi kong kinasasabikang makita uli – magpakatatag kayo sa inyong pamumuhay na nakaugnay sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

**B** – Salamat sa Diyos!

**Awit-pambungad** sa Mabuting Balita

**B** – (Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Sa ulap na maliwanag, ito ang siyang pahayag, ang D’yos Ama na nangusap: “Ito ang mahal kong Anak, lugod kong dinggin ng lahat.”

(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

**Mabuting Balita** *Lu 9:28-36*

Nagbagong-anyo si Hesus habang siya ay nananalangin. Sa panalangin natin mauunawaan ang ating papel sa dakilang balak ng Diyos. Pati ang mga pagsubok na ating haharapin ay nakatakda sa plano ng Diyos. Ang kahihinatnan ng lahat ng ito ay ang ating pakikibahagi sa kaluwalhatian ni Kristo.

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Umakyat si Hesus sa bundok upang manalangin. Isinama niya sina Pedro, Juan at Santiago. Samantalang siya’y nananalangin, nagbago ang anyo ng kanyang mukha, nagningning ang kanyang kasuutan na naging puting-puti. Di kaginsa-ginsa’y lumitaw ang dalawang lalaki – sina Moises at Elias na napakitang may kangingningan – at nakipag-usap sa kanya. Pinag-usapan nila ang nalalapit na pagpanaw ni Hesus na magaganap sa Jerusalem.

Tulog na tulog si Pedro at ang kanyang mga kasama, ngunit sila’y biglang nagising at nakita nila si Hesus na nagniningning at ang dalawang lalaking nakatayo sa tabi niya. Nang papaalis na sa tabi ni Hesus ang mga lalaki, sinabi ni Pedro, “Guro, mabuti pa’y dumito na tayo. Gagawa po kami ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises, at isa kay Elias.” Ang totoo’y hindi niya nalalaman ang kanyang sinasabi.

Nagsasalita pa siya nang matakpan sila ng isang ulap, at sila’y natakot. At may isang tinig mula sa alapaap na nagsabi, “Ito ang aking Anak, ang aking Hinirang. Siya ang inyong pakinggan.”

Nang tumigil ang tinig, nakita nilang nag-iisa na si Hesus. At hindi muna sinabi ng mga alagad kani-uman ang kanilang nakita.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B** – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B**– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**–Hingin natin sa Diyos na patatagin tayo sa mga pagsubok sa buhay at palakasin ang ating pag-asa sa kaluwalhatiang ating matatamo kaisa ni Kristo. Ang ating sasambitin ay:

**B**–Amang puspos ng kuwalhatian, dinggin Mo ang aming panalangin!

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging matatag sila sa pagharap sa mga hirap na dala ng kanilang pangangalaga sa kanilang mga kawan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay matuon ang kanilang mga mata kay Hesus na maluwalhati, na siyang magpapatatag sa kanila sa harap ng mga pagsubok, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maging handa silang batahin ang mga paghihirap na dala ng taos-pusong paglilingkod sa taong-bayan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga taong maraming

pinagdaraanang hirap sa buhay, upang lumakas ang kanilang pag-asa sa kaluwalhatiang nakalaan sa mga matatag na alagad ng Paghahari ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang ang ating paghinay sa kaluwalhatiang pagbabagong-anyo ni Hesus ay magbigay sa atin ng lakas ng loob para sa pagsubok sa buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating idulog ang mga sarili nating kahilingan. (*Tumahimik sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**–Ama naming nagtakdang ang Iyong Anak ay magbata ng hirap para sa aming kaligtasan, ibuho Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu at nang makaisa kami sa kaluwalhatiang Iyong iginawad kay Hesukristong aming Panginoon.

**B**–Amen!

### PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**P**–Manalangin kayo . . .

**B**–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**–Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito ay magdulot nawa ng kapatawaran ng aming mga kasalanan at magpabanal sa aming buong katauhan para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### Prepasyo

**P**–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Nang maipagtapat niya sa mga alagad na siya'y laang mamatay para sa lahat, sa kanila'y kanyang ipinamalas ang kanyang sariling puspos ng liwanag. Ang iyong

mga Utos at mga Propeta ay pangwang mga tagapagpatunay niya sa pagkakatalagang para sa kapwa'y magdusa upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

### Pagbubunyi

**B** –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

### PAKIKINABANG



**B**–Ama namin . . .

**P**–Hinihiling namin . . .

**B**–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**–Kordero ng Diyos . . .

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ito ang Anak kong mahal, na aking kinalulugdan ng buo kong kalooban. Siya ay inyong pakinggan at sundin sa pangangaral.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**–Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa dakilang pagliliwanag sa bagong anyo ng iyong Anak ay tumatanaw

ng utang na loob sa iyo sapagkat kahit ngayon pa man sa lupang ibabaw, pinapagsasalo mo na kami sa karikitan ng kalangitan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**



**P** – Sumainyo ang Panginoon.

**B – At sumaiyo rin!**

**P** – Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Pawiin nawa ng Panginoon sa inyong mga puso ang kadiliman ng pagkakasala at panghihina ng kalooban.

**B – Amen!**

**P** – Sa pagsasaya ninyo sa Pagbabagong-anyo, puspusin nawa kayo ng Panginoon ng Kanyang ilaw sa lahat ng araw ng inyong buhay.

**B – Amen!**

**P** – Tibayan nawa ang inyong pananampalataya ng Kanyang pagmamahal upang magpunyagi kayo sa mabubuting gawa.

**B – Amen!**

**P** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

**B – Amen!**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

**B – Salamat sa Diyos!**

Makinig sa –

846 kHz-AM

Sabado, 5:00-6:00 N.G.

## Munting Katesismong Pangkuwaresma sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

### ANG KALUWALHATIANG NAGPAPATATAG SA PAGHARAP SA MGA HIRAP NG BUHAY

**Panimula:** Maraming hirap tayong dapat pagdaanan sa buhay. Kung minsan nga ay nais na nating sumuko. Ngunit kapag alam nating maganda at tiyak ang kahihinatnan ng ating mga hirap ay tumatatag ang ating mga loob.

**Pagpapalalim:** Ang pagbabagong-anyo ni Hesus ay puno ng kagandahan at katiyakan. Magiging maluwalhati siya talaga pagkalipas ng kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus. Ang katapusan ng lahat ng pag-sisikap ni Hesus ay hindi ang libingan kundi ang kanyang maluwalhating muling pagkabuhay.

**Pagbasa: Lucas 9:28b-36**

**Buod:** Ang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus ni Hesus ay nakatakda sa dakila at mahiwagang balak ng Ama. Ang nagpapatunay nito ay ang paglitaw nina Moises at Elias sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Ang Lumang Tipan ng mga Hudyo ay nahahati sa tatlong bahagi: (1) Kautusan (*Pentateuco/Torah*) – sinasagisag ni Moises; (2) Mga Propeta (*Nebiim*) – sinasagisag ni Elias; (3) Mga Naisulat (*Ketubim*). Dahil sa maikli ang *Ketubim* kung ihalalintulad sa *Torah* at sa *Nebiim*, madalas ay hindi na ito binabanggit. Kaya ang paglitaw nina Moises at Elias ay nagsasaad na ang buong Lumang Tipan ay sumasaksi sa susuuning pagpapakasakit at pagkamatay ni Hesus.

Subalit nasusulat din sa Lumang Tipang magtatamo si Hesus ng kaluwalhatian pagkatapos ng kanyang matinding paghihirap. Ang kanyang pagbabagong-anyo ay ang patikim ng kaluwalhatian ito. Ang mga alagad na sina Simon Pedro, Santiago, at Juan ay ang mga kinatawan ng Bagong Tipan. Silang tatlo ang makasasaksi sa pagtangis ni Hesus sa Halamanan sa Bundok ng mga Olibo. Maaaring manghina ang kanilang mga loob sa kanilang makikita. Kaya dapat palakasin ang kanilang loob sa pagkakita sa maluwalhating pagbabagong-anyo ni Hesus. Ito ay ang patikim sa tunay na mangyayari pagkatapos ng kapighatian ng Kalbaryo.

**Pagsasabuhay:** Sa mga sandali ng kapighatian ay maaaring manghina ang ating mga loob. Marami sa mga kabataan ngayon ay natatalo ng lungkot at sama ng loob. Ang paghuhugutan nila ng lakas ay ang Banal na Kasulatan. Kapag nababatid nilang ayon naman pala sa kalooban ng Diyos ang kanilang mga pinagdaraan ay lumalakas ang kanilang mga loob. Dagdag pa rito ang katiyakang sila rin ay makakasalo sa kaluwalhatian ni Hesus pagkatapos ng kanilang mga paghihirap.

**Pagdiriwang:** “Ama naming makapangyarihan, lagi nawang magalak ang Iyong sambayanan sa pagkakaroon ng bagong kalooban upang sa kadakilaang dulot ng pag-anib sa Iyong angkan ang araw ng pagkabuhay ay maging pag-asa sa pagdiriwang sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. Amen.”



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua